Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-03 NG AGOSTO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 174-2020**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGGAGAWAD NG KAPANGYARIHAN SA PUNONG LUNGSOD, IGG. GILBERT T. GATCHALIAN, NA PUMASOK AT LUMAGDA SA ISANG KASUNDUAN (MEMORANDUM OF AGREEMENT) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NG MALOLOS AT NG BUREAU OF FISHERIES AND AQUATIC RESOURCES UKOL SA PAGKAKABIT NG PORT AND COASTAL MONITORING SYSTEM (PCMS) NA SIYANG GAGAMITIN SA PAGSUBAYBAY SA MGA SASAKYANG DAGAT NA DUMADAAN SA KARAGATANG MALAPIT SA BAYBAYIN.**

AKDA NINA: **KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. EMMANUEL R. SACAY** at **KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT,** lumiham ang Tanggapan ng Punong Lungsod, Inh. Gilbert T. Gatchalian na humihiling na mabigyang kapangyarihan na pumasok at lumagda sa isang Kasunduan (Memorandum of Agreement) sa pagitan ng ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos at ng Bureau of Fisheries and Aquatic Resources ukol sa pagkakabit ng Port and Coastal Monitoring System (PCMS);

**SAPAGKAT,** naaayon sa Saligang Batas, mas partikular bilang Artikulo 13 Sekyon 11, ang estado ay dapat na magsawa ng isang komprehensibong hakbang upang matugunan ang pangagailangan ng mga mamamayan sa pagkain, kalusugan at serbisyong pangkalahatan;

**SAPAGKAT,** naayon pa din sa Saligang Batas, mas partikular bilang Artikulo 13, Sekyon 12, ang estado ay dapat magtayo at magpanatili ng isang epektibong regulasyon o programa;

**SAPAGKAT,** sang-ayon sa itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas, lahat ng Pamahalaang Lokal ay maaring magpatupad at may kapangyarihang ipinagkaloob ng nasabing batas upang palaganapin at siguraduhin ang kapakanan ng bawat isang mamamayan at hikayatin ang bawat isa para sa balanse, mapayapa at matiwasay na pamumuhay;

**SAPAGKAT,** pangunahing gampanin at tungkulin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbabantay sa mga karagatan nito upang mapangalagaan ang likas-yaman nito at kabuhayan ng bawat Malolenyo;

**SAPAGKAT,** ang nasabing Port and Coastal Monitoring System (PCMS) ang kahalagahan nito sa pagbabantay ng ating baybay-dagat na sakop ng teritoryong hurisdiksyunal ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos;

**SAPAGKAT,** ayon sa itinatadhana ng **Seksyon 22 (c)** ng **Batas Republika 7160** o' mas kilala bilang **"Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas"** ay may kapangyarihan ang Punong Ehekutibo na pumasok sa isang kasunduan at katawanin ang isang Pamahalaang Lokal sa isang kasunduan o' kontrata na may kaukulang otorisasyon buhat sa kinauukulang Sanggunian;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

**DAHIL DITO**, sa kahilingnan ni Igg. Nino Carlo C. Bautista na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA**, gaya ng dito ay ginawang pagpapasiya, na mabigyang kapangyarihan ang Punong Lungsod, Inh. Gilbert T. Gatchalian, na pumasok at lumagda sa isang Kasunduan (Memorandum Of Agreement) sa pagitan ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos at ng Bureau of Fisheries and Aquatic Resources ukol sa pagkakabit ng Port and Coastal Monitoring System (PCMS) na siyang gagamitin Sa pagsubaybay sa mga sasakyang-dagat na dumadaan sa karagatang malapit sa baybayin.

PINAGTIBAY.

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI - ABC President

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

KGG. NOEL G. PINEDA
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*08032020